# Kami noon ay naglalaan para sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ng bahagi niya sa gatas, at pumupunta siya sa gabi at bumabati ng pagbating hindi siya nanggigising ng tulog at ipinaririnig niya sa gising.

Kami noon ay naglalaan para sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ng bahagi niya sa gatas, at pumupunta siya sa gabi at bumabati ng pagbating hindi siya nanggigising ng tulog at ipinaririnig niya sa gising. Dumarating ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at bumabati gaya ng pagbati niya dati.
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Si Al-Miqdād noon at mga kasama niya, malugod si Allah sa kanila, matapos nilang gatasan ang tupa at inumin ang bahagi nila sa gatas, ay naglalaan ng bahagi niya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, upang pumunta siya upang inumin ito. Siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag pumupunta sa kanila sa gabi samantalang sila ay tulog, ay bumabati sa kanila ng pagbating may tinig na katamtaman sa pagitang ng pinakamahinang maririnig at higit dito kung saan hindi siya nakagigising ng isang natutulog samantalang naiparirinig niya gising sa kanila.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee